



THE LORD'S FLOCK GROWTH DIGEST

PASTORAL GROWTH SERIES

Uunlad ang mga Taong Matuwid

Sis. Techie "Sor" Rodriguez, Elder- Founder, TLF
September 23, 2020

Sumusunod sa tamang landas ang mga taong matuwid. Ang salitang uunlad ay giginhawa o lalagong may sigla. Katulad ng palma, tatatag ang buhay ng taong matuwid. Tuloy ang pagbunga kahit ang punong ito ay tumanda, luntia't matatag, at ang mga dahon ay laging sariwa (Awit 92: 12-14).

1. Ang taong matuwid ay tulad ng palma:

1.1 Lumalago ang loob at labas nito.

- Tulad sa palma, ang matuwid na tao ay nababago ng Espiritu Santo. Mabilis na umuunlad at nagiging bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao (2Cor. 5:17).

1.2 Nagbibigay ng katatagan ang ugat.

- Lumalago ang puno at sa ugat umaasa ng makakain. Kung walang ugat, walang bunga (Mt. 13: 21).
- Ganun din ang matuwid na tao, malalim ang ugat sa pananampalataya. Bagamat maraming pagsubok, nananatili siyang tapat sa Diyos (Jn. 5:14-15).

1.3 Maraming gamit.

- Ang taong matuwid ay makabuluhan, kapakipakinabang, at maunlad sa lahat ng aspekto sa buhay. Maski ang mga nakatatanda, maaari pa rin silang maging kapaki-pakinabang sa bahay, sa simbahan at sa pamayanan.

1.4 Lumalago maski nasa disyerto.

- Maaaring mabuhay ang taong matuwid sa gitna ng malakas na hampas ng unos. Anuman ang mangyari, walang makapaghihiwalay sa taong matuwid sa pag-ibig ni Kristo (Rom. 8:35-38).

1.5 Madali siyang makita at makilala.

- Mapapansin mo agad ang taong matuwid sa pamamagitan ng kanyang pamumuhay. Ilaw at asin siya sa mundo (Mt. 5:13).

1.6 Lumalaking katangi-tangi.

- Nagbibigay ng aliw at tuwa sa ibang tao ang taong matuwid. Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na maging kawangis Niya, magkaroon ng banayad na pananalita, magpakita ng mabuting halimbawa, at maging ilaw sa mundo (Rom. 8:29).

2. Ano-ano ang mga pangako ng Diyos sa mga taong matuwid?

2.1 Mananatiling luntian at magiging mabunga kahit may katandaan na.

Ang umaasa sa Diyos ay pinagkakalooban ng panibagong lakas. Tatakbo sila nang tatakbo ngunit hindi sila manghihina (Is 40:29-30). Mamumunga ang lahat ng kanilang gawain. Sila ay may mala-Kristong ugali: mabait, punong-puno ng galak, at matapat.

2.2 Uunlad sila sa lahat ng bagay.

Anumang gawin ay nakatitiyak silang magtatagumpay (Awit 1:3).

Gaya ng palma, maging malalim nawa ang ugat natin sa pananampalataya. Hayaan nating baguhin tayo ni Kristo (Rom 8:26-27). Hayaan din natin ang Espiritu Santo ang gumabay sa atin para makita ang Kanyang mga bunga sa ating buhay. Tuwing isinusuko natin ang lahat sa Kanya, umuunlad tayo.

Pagninilay: Mabunga ka ba sa ngayon o kakaunting lang ang iyong bunga? Anong sanga sa buhay mo ang kailangang putulin?

Isinalin ni: Sis. Nida Cruz

Na-edit at naaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano

For more Teachings, visit our website:

www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials